

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka 15

Mga sagot sa Pagkilala sa Panaguri ng Pangungusap

Panuto: Ang mga pangungusap sa ibaba ay mula o hango sa 2013 *State of the Nation Address (SONA)* ni Pangulong Benigno S. Aquino III. Salungguhitan ang buong panaguri (*complete predicate*) at isulat sa patlang ang payak na panaguri (*simple predicate*) ng bawat pangungusap.

1. umabot Umabot sa 33 bilyong piso ang nailaan para sa pagpapatayo, pagpa-paunlad, at rehabilitasyon ng mga ospital at sentrong pangkalusugan sa buong bansa.
2. magtutukoy Ang *Geohazard Mapping and Assessment Program* ay magtutukoy ng mga mapanganib na lugar sa ating bansa.
3. tinatayang Tinatayang 3,600 metro kubiko kada segundo ang tubig na dumaloy mula sa Sierra Madre noong tumama ang bagyong Ondoy.
4. binabarahan Ang mga estero ay binabarahan ng mga basura ng mga tumitira sa paligid.
5. kayang Ang ginagawang *Blumentritt Interceptor Catchment area* ay kayang sumalo ng tubig na katumbas ng 14 na *Olympic-sized swimming pool*.
6. paglulunsaran Ang ilang libong ektaryang lupain sa tatlong kampo-militar ay paglulunsaran ng dagdag na pagkakakitaan ng mga sundalo.
7. dumoble Halos dumoble ang populasyon ng Pilipinas pero hindi nagbago ang bilang ng mga pulis at sundalo.
8. kailangan Ang pagluluwal natin ng pera ay kailangan tambalan ng inisyatibang mag-impok nang sapat.
9. bumaba Ang mga insidente ng karahasan tuwing eleksiyon ay bumaba mula 189 noong 2010 hanggang 77 na lang nitong huling eleksiyon.
10. abot-kamay Abot-kamay na ang kapayapaan sa rehiyong matagal nang pinupunit ng hidwaan.
11. magbunga Ang mga salitang ating bibitawan ay dapat magbunga ng mga kilos na positibong makakaapekto sa lahat.
12. itaga Ang bawat linya sa kasunduan ay dapat maaaring itaga sa bato.
13. prayoridad Isang prayoridad ang paglilipat ng mahigit 19,400 pamilyang nagsisiksikan sa mga pangunahing daluyan ng tubig sa *Metro Manila*.
14. makatuwiran Makatuwiran ang ilapit ang pasahe ng LRT at MRT sa pasahe sa *aircon bus* .
15. naitala Naitala noong 2012 ang 4.3 milyon na *tourist arrivals* sa ating bansa.

Talâ: tinataya - *estimated*; metro kubiko kada segundo - *cubic meters per second*; prayoridad - *priority*